Republic of the Philippines
CITY COUNCIL
City of Manila

*******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 56

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

*******************

# KAPASIYAHAN BLG. 238
**Serye ng 2023**

**KAPASIYAHAN** NA NAGPAPAHAYAG NG MAINIT AT TAOS-PUSONG PAGBATI AT PAGPUGAY SA KAPATIRAN NG IGLESIA NI CRISTO SA PAGDIRIWANG NG KANILANG IKA-109 NA ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG, KASAMA ANG MAINIT AT TAOS-PUSONG PAGPUPUGAY SA MINISTRO AT KAWANI NITO PARA SA KANILANG KATANGI-TANGING MGA NAIAMBAG TUNGO SA IKAUUNLAD NG PILIPINO

MGA PANGUNAHING MAY AKDA: **KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR., KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO,** KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MACARIO M. LACSON, KGG. MOISES T. LIM, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. ROMA PAULA S. ROBLES-DALUZ, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUIS C. UY, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. TERRENCE F. ALIBARBAR, KGG. LEILANI MARIE H. LACUNA, KGG. DANIEL DAVE A. TAN, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.,** Punong Mayorya, **KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**, Pansamantalang Tagapangulo at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at TagaPangulo

SAPAGKAT, noong ika-27 ng Hulyo, 1914, itinatag ng Kapatid na Felix Y. Manalo ang Iglesia Ni Cristo (INC) sa Pilipinas sa ilalim ng kanyang butihing pamumuno bilang kauna-unahang Tagapamahalang Pangkalahatan;

SAPAGKAT, mula sa pagkakatatag nito, kinilala ang Iglesia Ni Cristo na kabilang sa mga pangunahing sekta ng relihiyon hindi lamang dahil sa pagtuturo ng matibay na pananalig sa Diyos, kundi pati na rin sa tunay na pagkalinga sa mga kapuspalad lalo na sa panahon ng pangangailangan, maging sa paglawig ng mga Lokal sa Pilipinas at sa ibang bansa;

SAPAGKAT, sa kahabaan ng isang daan at siyam (109) na taon, naging mahalagang bahagi ang Iglesia Ni Cristo, na nakaukit na sa kasaysayan ng Pilipinas, bilang natatanging katuwang sa kaunlaran;

SAPAGKAT, bunga ng mga nagawa at naiambag nito, ginawaran ang Iglesia Ni Cristo ng mga iba't ibang parangal, kabilang ang mga sumusunod:

1. Pagpaparangal kay Felix Y. Manalo ng Christian Mission bilang Outstanding Evangelist ng Christian Mission noong ika-25 ng Disyembre, 1918;
2. Paggawad ng Master of Biblo-Science, Honoris Causa, kay Felix Y. Manalo ng Genius Divinical College of Manila sa pamumuno ni Eugenio Guerrero, noong ika-28 ng Marso, 1931;
3. Paglagay ng Pambansang Palatandaan ng National Historical Institute (na ngayon ay National Historical Commission) sa lugar ng kapanganakan ni Felix Y. Manalo, na matatagpuan sa plaza ng Barangay Calzada, Tipas, Lungsod ng Taguig, kasabay ng pagdiriwang ng ika-93 na Anibersaryo ng Iglesia Ni Cristo, noong ika-27 ng Hulyo, 2007;
4. Pagpapahayag ng Pamahalaan ng "Araw ng Iglesia Ni Cristo" tuwing ika-27 ng taon bilang pambansang kapistahan sa ilalim ng Republic Act No. 9645, kilala bilang "An Act Declaring July 27 of Every Year as a Special National Working Holiday in Recognition of the Founding Anniversary of the Iglesia Ni Cristo in the Philippines.....", tanda ng pagkilala sa Iglesia Ni Cristo;
5. Paglunsad ng Iglesia Ni Cristo Commemorative Stamp ng Philippine Postal Corporation (PhilPost), bilang tanda ng ika-100 na taon ng pagrehistro ng Iglesia Ni Cristo sa Pilipinas, kasabay ng pagdiriwang ng ika-128 na Anibersaryo ng Iglesia Ni Cristo noong Ika-10 ng Mayo, 2014;
6. Sa ibang lungsod at bayan sa Pilipinas, ang mga kalsadang malalapit sa Lokal ng Iglesia Ni Cristo ay pinangalanang F. Manalo Street bilang parangal sa mga naambag ni Felix Y. Manalo na kinilala sa kasaysayan ng bayan.

SAPAGKAT, patuloy na nagbubunga at nagsasanga ang pamamahala at pagdami ng mga kasapi ng Iglesia Ni Cristo, na ganap nang kumalat sa 114 na bansa hanggang sa panahong kasalukuyan: KAYA, NGAYON, mangyaring

IPASIYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na nagpapahayag ng mainit at taos-pusong pagbati at pagpugay sa kapatiran ng Iglesia Ni Cristo sa pagdiriwang ng kanilang ika-109 na Anibersaryo ng pagkakatatag, kasama ang mainit at taos-pusong pagpupugay sa Ministro at Kawani nito para sa kanilang katangi-tanging mga naiambag tungo sa ikauunlad ng Pilipino; KAYA MULING mangyaring

IPASIYA, na bigyan ng sipi ng Kapasiyahan na ito ang Punong Tanggapan ng Iglesia Ni Cristo, sa kanilang Lokal ng Templo Central, na matatagpuan sa 1 Central Avenue, New Era, Lungsod ng Quezon.

PINAMUNUAN NI:

**JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ**
Pansamantalang Tagapangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 6 ng Hunyo, 2023.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/avs